AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 1-2
### Aralin 6

| Pambungad |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang galugarin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong **"Dragong Pula" na isinulat ni Virgilio S. Almario.** Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 1 and 2 - Aralin 6** |
|---|
| Book Title: Dragong Pula |
| Author: Virgilio S. Almario |
| Source: Buri Books |
| Good afternoon! ☺ Si Teacher Robyn ulit!🧡 Today, babasahin natin ang "Dragong Pula" ni Ginoong Virgilio Almario. 👨🏽🏫<br><br>Pagkatapos ng lesson na ito, 3 na ang mga kuwento ni Ginoong Almario ang nabasa natin! Ano ulit yung 2?<br><br>🐃 Ang Mabait na Kalabaw<br>🐈 Matandang Matabang Pusa<br>🐉 At ngayon, and Dragong Pula<br><br>🙏🏽 **PANGAKO PARA SA ARALING ITO**<br>(1) dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng story 📣<br>(2) dadamdamin at sisikaping intindihin ang kuwento at, 🤓<br>(3) 'wag matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽<br><br>💬 **TALASALITAAN** |

Bago tayo mag-umpisa, tingnan muna natin ang iilang mga salita sa kuwento na baka hindi pamilya sa atin! Mag-tanong sa ating nakatatanda kung ano kaya ang ibig sabihin ng mga to! 🤔

**(1) Pugad**
**(2) Inahin**
**(3) Makisig**
**(4) Pagkakataon**
**(5) Binugahan (buga)**

Start na tayo!

--

📚 **DRAGONG PULA NI VIRGILIO S. ALMARIO**
*Bigkasin natin ang kada-linya* 📣

• Naglalarong mag-isa si Pepito sa tabing-ilog nang makahukay siya ng isang itlog. Ibang-iba ang nahukay na itlog ni Pepito. Mas malaki ito kaysa itlog ng manok. Bukod pa, ang itlog ay kulay pula! 🥚🔴
• Tuwang-tuwa inuwi ni Pepito ang pulang itlog. Dinala niya ang itlog sa silong ng kanilang bahay. May mga pugad ng manok sa silong ng kanilang bahay. Maraming alagang manok ang ama ni Pepito. Isinama ni Pepito ang pulang itlog sa isang pugad. Maraming itlog ang pugad at may humahalimhim. Nagulat ang inahin sa pugad dahil malaki at pula ang dala-dalang itlog ni Pepito. Naisip ni Pepito, "Siguro pag napisa ang itlog magiging isang malaki at makisig na tandang sisiw. Walang tatalo sa aking matapang at pulang tandang." 🐓🔴
• Kinabukasan, nagising si Pepito nang mag-ingay ang mga manok sa silong ng kanilang bahay. Waring takot na takot ang mga manok sa silong. Sumilip si Pepito sa silong. Nagulat siya nang makitang napisa na ang pulang itlog. Pero hindi isang pulang sisiw ang lumabas sa itlog. Sa halip, isang pulang dragon ang lumabas. Takot na takot ang mga manok sa pulang dragon. 🐉🔴
• Kinuha ni Pepito ang pulang dragon at pinakain. Tuwang-tuwa siya sa pulang dragon dahil mabait ito. Hindi ito nangangagat, gaya ng ibang dragon sa istorya. Pero mabilis lumaki ang pulang dragon. Sa loob ng isang araw, ito ay naging kasinlaki ng aso. Maghapong kalaro ni Pepito ang kaniyang alagang dragon. 👦🟫🐉🔴
• Ilang bata ang nakakita kina Pepito. Niloko nila si Pepito dahil sa kalarong dragon. "Panging na aso! Pangit ang aso ni Pepito!" Akala nila ay isang pangit na aso ang kalaro ni Pepito. Binato pa ng mga bata ang munting pulang dragon. 😭
• Sa di sinasadyang pagkakataon, isang bato ang tumama sa ulo ni Pepito. Napasigaw sa sakit si Pepito. Dito biglang nagalit ang pulang dragon. Biglang may lumabas na apoy sa bunganga nito. Malakas at mahaba ang buga ng apoy ng pulang dragon. Nagtakbuhan sa takot ang mga bata. 😰🐉🔴
• Mula noon, natakot ang mga bata sa Dragong Pula. Pinalayas nila ito sa nayon at

pinatira sa isang kuweba. Malayo sa nayon ang kuweba. Sa kuweba na lumaki ang Dragong Pula. Lumaki itong kasinlaki ng isang kalabaw. Araw-araw dinadalaw ni Pepito and Dragong Pula. Dinadalhan niya ng pagkain ang Dragong Pula. Awang-awa siya sa alaga dahil nag-iisa sa kuweba. 😔🐉🔴

• Isang araw, may dumating na peste sa nayon. Nilusob ng napakaraming tipaklong ang bukirin. Maraming-marami ang mga tipaklong. Sinisira ng mga tipaklong and mga tanim na palay. Sinisira ng mga tipaklong ang mga gulay at punongkahoy. Walang magawa ang mga taganayon laban sa maraming tipaklong. 🐉🔴

• Pero tinawag ni Pepito ang Dragong Pula. Inutusan niya ang Dragong Pula na tumulong sa mga tao. Binugahan ng apoy ng Dragong Pula ang mga tipaklong. Bawat buga ng apoy ay maraming namamatay na tipaklong. Di nagtagal, naubos ang mga tipaklong. Naligtas ang mga pananim dahil sa Dragong Pula. Ngayon, hindi na takot ang mga tao sa Dragong Pula. Pinayagan na nila itong tumira kina Pepito. 🏡👦🏽🐉🔴

• Isang gabi, dumating naman sa nayon ang isang pangkat ng mga bandido. May mga dalang baril ang mga bandido. Inutusan nila ang mga taganayon na ilabas ang mga salapi, alahas at bigas. Walang magawa ang mga taganayon laban sa mga bandido. 😈

• Bigla, dumating ang Dragong Pula. Nagtakbuhan ang mga bandido sa takot. Naiwan nila pati ang kanilang mga kabayo. 💪🏽🐉🔴

• Lalong naging bayani si Dragong Pula sa nayon. Isang pista ang idinaos sa karangalan ng Dragong Pula. Nagpasalamat ang mga taganayon kay Pepito dahil inalagaan niya ang Dragong Pula. Nagpasalamat sila at iniligtas sila ng Dragong Pula sa mga tipaklong at bandido. 👦🏽🐉🔴🥳

--

Medyo mahaba, no? Pero ito ang paboritong kwento ni Teacher ngayong linggo! Kayo, ano ang inyong paborito?

✏ **GAWAIN**

Para sa activity natin ngayon, ibahin natin ng konti! Tuklasan natin ang kuwento sa pamamaraan ng pag-arrange o pag-sasaayos ng pangyayari sa kuwento!

(A) May dumating na bandito sa nayon at inuutusan silang ilabas ang kanilang salapi, alahas, at bigas. Dumating ang dragon pula at tinakot ang mga bandido.

(B) May dumating na peste sa nayon at tinawag ni Pepito si dragong pula para iligtas ang nayon, at dahil dito, pinayagan na manirahan ang dragong pula sa bahay ni Pepito.

(C) Nagbuga ng apoy ang pulang dragon ng may-umapi sa kaniya at kay Pepito. Dahil dito pinalayas ang dragong pula sa nayon para maniharan sa isang kuweba.

(D) Nagkaroon ng pista sa nayon ni Pepito, at nagpasalamat ang mga mamamayan para sa dragong pula at ang kanyang taga alaga na si Pepito.

(E) Nakita ni Pepito na dragong pula ang lumabas sa itlog, at ng napakain niya, naging sinlaki siya ng aso!
(F) Inuwi ni Pepito ang itlog na pula at inilagay ito sa kanilang pugad ng manok.
(G) Nahanap ni Pepito ang itlog na pula habang naglalaro sa tabing ilog

SAGOT: G, F, E, C, B, A, D

✔️🙏🏽 **PAGTATAPOS**

Nahirapan ba tayo sa Story o sa Activity? Okay lang! Minsan kailangan mahihirap ang gagawin natin para malaman natin ang tunay na kakayahan natin!

Congratulations mga bata! Tapos na tayo sa linggo! May parte ba ng lesson na nahirapan kayo? O may gusto ba kayong ma-share na sagot sa grupo natin? Message lang kayo sa grupo, o message niyo si Teacher ❤

-

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.